


Alzheimer's 101: Mito vs Katotohanan



Ang Alzheimer's disease ay ang pangalawang nangungunang sanhi ng pagkamatay sa California at ang bilang ng mga residenteng namumuhay na may Alzheimer's ay inaasahang magdoble bago lumampas ang 2040. Habang ang pagkalat ng Alzheimer's disease ay patuloy na lumalaki, mahalagang maunawaan ang mga katotohanan at malaman ang mga stigma at maling pagkakaintindi tungkol sa sakit.

Mahalagang malaman ng lahat ng nakatira sa California kung paano makikilala ang mga palatandaan at sintomas sa pamamagitan ng paggiba sa ilang pangkaraniwang mito na maaaring pumipigil sa isang indibidwal na malaman kung kailan hihingi ng suportang kailangan upang sumulong.

MGA PANGKARANIWANG MITO TUNGKOL SA ALZHEIMER'S DISEASE:

MITO

Ang Alzheimer's disease at dementia ay magkapareho.

Sa sandaling masuri ka na may Alzheimer's, wala kang magagawa upang pamahalaan ang iyong kondisyon.

Ang pagiging malimutin ay ang tanging palatandaan ng Alzheimer's disease.

Ang mas matandang nasa hustong gulang at mga nakatatanda lamang ang magkakaroon ng Alzheimer's disease.

Lahat ng kaso ng Alzheimer's ay namamana.

KATOTOHANAN

Ang dementia ay tumutukoy sa mga kondisyon na humahantong sa mahinang memorya, pag-iisip, atbp. Ang Alzheimer's ay isang anyo ng dementia at kumakatawan sa 60-80% ng lahat ng kaso.

Ang isang pasusuri, partikular sa maagang yugto, ay maaaring magbigay sa isang tao ng mas malaking pagkakataon upang subukan ang mga suportang medikal at panlipunan at pahasayin o palawigin ang kalidad ng buhay.

Ang pagiging malimutin ay isang pangkaraniwang senyas ng pagtanda, pero ang pagkawala ng memorya na gumagambala sa pang-araw-araw na buhay ay hindi. Ang isang tao ay dapat mag-alala kung sila ay nakakaranas ng mga paghihirap sa pagkumpleto ng mga pamilyar na gawain, pagkalito sa oras o lugar, paglalagay ng mga gamit sa maling lugar at pagkawala ng kakayahang balikan ang mga hakbang, o paulit-ulit na pagtatanong ng mga magkakatatulad na tanong.

Sa maagang-lumilitaw na Alzheimer's disease, ang ilang tao ay maaaring magkaroon ng Alzheimer's sa edad na 55.

Kung may isang miyembro ng iyong pamilya na may Alzheimer's disease, hindi ito nangangahulugan na dapat mong asahan na mamanahin ang sakit. Maraming ibang factor sa istilo ng pamumuhay na maaaring magbago ang panganib at magpahusay ng kalusugan ng utak, na kabilang ang pagsubaybay sa ibang mga hindi gumagaling na kondisyon ng kalusugan, tulad ng sakit sa puso at diabetes.